

PROGRAMANG PROTEKSYON NG PAYCHECK NG MALIIT NA NEGOSYO

Ang Programang Proteksyon ng Paycheck ay nagbibigay ng mga pondo sa mga maliliit na negosyo upang pambayad ng hanggang 8 linggo ng mga gastos sa payroll kasama ang mga benepisyo. Maaari ring magamit ang mga pondo na pambayad ng interes sa mga utang, upa, at kagamitan.

Ganap na Pinatawad

Ang mga pondo ay ibinibigay sa anyo ng mga pautang na ganap na mapapatawad kapag ginamit para sa mga gastos sa payroll, interes sa mga utang, upa, at mga gamit (dahil sa malamang na mataas na subscription, hindi bababa sa 75% ng pinatawad na halaga ay dapat ginamit para sa payroll). Ang mga bayad din ng pautang ay iaantala ng anim na buwan. Walang kinakailangang collateral o personal na garantiya. Wala sa gobyerno o sa mga nagpapautang ang sisingil sa mga maliliit na negosyo ng anumang mga bayarin.

Kailangang Panatilihin ang mga Empleyado sa Payroll—o Mabilis na Muling Upahan

Ang pagpapatawad ay batay sa pagpapanatili ng employer o mabilis na muling pag-upa sa mga empleyado at pagpapanatili ng mga antas ng suweldo. Mababawasan ang kapatawaran kung bababa ang bilang ng full-time na empleyado, o kung bumaba ang mga suweldo at sahod.

Lahat ng Maliliit na Negosyo ay Kwalipikado

Ang mga maliliit na negosyo na may 500 o mas kaunting mga empleyado—kabilang ang mga hindi pangkalakal, mga organisasyon ng mga beterano, mga alalahanin sa tribo, mga indibidwal na nagtatrabaho sa sarili, mga nag-iisang pagmamay-ari, at mga independiyenteng kontratista—ay kwalipikado. Ang mga negosyong may higit sa 500 na mga empleyado ay kwalipikado sa ilang mga industriya.

Kailan Mag-aplay

Simula sa Abril 3, 2020, maaari nang mag-aplay ang mga maliliit na negosyo at nag-iisang pagmamay-ari. Simula sa Abril 10, 2020, maaari nang mag-aplay ang mga independiyenteng kontratista at indibidwal na nagtatrabaho sa sarili. Hinihikayat ka naming mag-aplay nang mabilis hangga't maaari dahil mayroong hangganan ang pagpopondo.

Paano Mag-aplay

Maaari kang mag-aplay sa pamamagitan ng anumang umiiral na SBA 7(a) nagpapautang o sa pamamagitan ng anumang institusyong depositoryo na nakaseguro sa pederal, nakaseguro sa pederal na unyon ng pautang, at institusyon ng Farm Credit System na nakikilahok. Ang iba pang mga nakaregula na nagpapautang ay handa upang gawin ang mga pautang na ito kapag naaprubahan sila at nakatala sa programa.

Dapat kang kumunsulta sa iyong lokal na tagapagpautang kung nakikilahok ba ito. Ang lahat ng mga pautang ay magkakaroon ng parehong mga tuntunin kahit sinuman ang nagpapautang o nangungutang. Ang isang listahan ng mga kalahok na nagpapautang pati na ang karagdagang impormasyon at buong mga tuntunin ay makikita sa www.sba.gov.

Ang Programang Proteksyon ng Paycheck ay ipinatutupad ng Administrasyon ng Maliit na Negosyo nang may suporta mula sa Kagawaran ng Kaban ng Bayan. Dapat ding bisitahin ng mga nagpapautang ang www.sba.gov o www.coronavirus.gov para sa karagdagang impormasyon.

Sanggunian: <https://home.treasury.gov> Mula noong Abril 12, 2020



HUWAG PUNAN ANG FORM NA ITO. PUNAN ANG INGLES NA FORM.
Programang Proteksyon ng Paycheck
Form ng Aplikasyon ng Nangungutang

Num. ng Kontrol ng OMB: 3245-0407
 Petsa ng Pagkawalang Bisa: 09/30/2020

Tsekan ang Isa: Solong nagmamay-ari Sqsyohan C-Corp S-Corp LLC Independiyenteng kontraktor Kwalipikadong indibidwal na nagtatrabaho sa sarili 501(c)(3) hindipangkalakal 501(c)(19) organisasyon ng mga beterano Negosyo sa tribo (sek. 31 (b)(2)(C) ng Batas sa Maliit na Negosyo) Iba pa		DBA o Pangalang pangkalakal kung Naaangkop	
Ligal na Pangalan ng Negosyo			
Address ng Negosyo		TIN ng Negosyo (EIN, SSN)	Telepono ng Negosyo
			() -
Pangunahing Pakikipag-ugnayan			Email Address

Average na Buwanang Payroll: \$	x 2.5 + EIDL, Neto ng Advance (kung Naaangkop) Katumbas ng Hiling na Pautang:	\$	Bilang ng mga Empleyado:	
Layunin ng utang (pumili ng higit sa isa): <input type="checkbox"/> Payroll <input type="checkbox"/> Interes ng Upa / Sanla <input type="checkbox"/> Mga Gamit <input type="checkbox"/> Iba pa (ipaliwanag): _____				

Pagmamay-ari ng Aplikante

Ilista ang lahat ng nagmamay-ari ng 20% o higit pa sa equity ng Aplikante. Maglakip ng isang hiwalay na pahina kung kinakailangan.

Pangalan ng May-ari	Pamagat	% ng Pagmamay-ari	TIN (EIN, SSN)	Address

Kung nasagutan ng "Oo" ang mga katanungan (1) o (2) sa ibaba, ang pautang ay hindi maaaprubahan.

Tanong	Oo	Hindi
1. Ang Aplikante ba o sinumang may-ari ng Aplikante ay kasalukuyang nasuspindi, na-debar, naimungkahi para ma-debar, ipinahayag na hindi karapat-dapat, kusang bumukod mula sa pakikilahok sa transaksyon na ito ng anumang departamento o ahensya ng Pederal, o kasalukuyang kasangkot sa anumang pagkalugi? Ang aplikante ba o sinumang may-ari ng Aplikante, o anumang negosyong pagmamay-ari o kinokontrol ng sinuman sa kanila, ang nakakuha na noon ng isang direkta o garantisadong pautang mula sa SBA o anumang ibang ahensya ng Pederal na kasalukuyang napabayaang o nag-default sa nakaraang 7 taon at nagdulot ng pagkalugi sa pamahalaan?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
3. Ang Aplikante ba o sinumang may-ari ng Aplikante ay isang may-ari ng anumang iba pang negosyo, o may karaniwang pamamahala sa, anumang iba pang negosyo? Kung oo, ilarawan ang naturang mga negosyo at ilarawan ang kaugnayan sa isang hiwalay na papel na tinutukoy bilang addendum A.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
4. Nakatanggap ba ang Aplikante ng isang SBA Economic Injury Disaster Loan sa pagitan ng Enero 31, 2020 at Abril 3, 2020? Kung oo, magbigay ng mga detalye sa isang hiwalay na papel na tinutukoy bilang addendum B.	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

Kung nasagutan ng "Oo" ang mga katanungan (5) o (6), ang pautang ay hindi maaaprubahan.

Tanong	Oo	Hindi
5. Ang Aplikante ba (kung isang indibidwal) o sinumang indibidwal na nagmamay-ari ng 20% o higit pa sa equity ng Aplikante ay sumasailalim sa isang akusasyon, impormasyong kriminal, paghahabla, o iba pang paraan kung saan ang pormal na mga akusasyong pangkriminal ay naihain sa anumang hurisdiksiyon, o kasalukuyang nakakulong, o nasa probasyon o parol? Maglagay ng inisyal dito upang kumpirmahin ang iyong tugon sa tanong 5 → _____	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
6. Sa loob ng nakaraang 5 taon, para sa anumang krimen, ang Aplikante ba (kung isang indibidwal) o sinumang may-ari ng Aplikante ay 1) nahatulan; 2) umaming nagkasala; 3) nakiusap para sa nolo contendere; 4) nailagay sa dibersyon bago ang paglilitis; o 5) nailagay sa anumang uri ng parol o probasyon (kasama ang probasyon bago paghuhusga)? Maglagay ng inisyal dito upang kumpirmahin ang iyong tugon sa tanong 6 → _____	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
7. Ang Estados Unidos ba ang pangunahing lugar na tirahan ng lahat ng mga empleyado ng Aplikante na kasama sa kalkulasyon ng payroll ng aplikante sa itaas?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
8. Ang Aplikante ba ay isang prangkisa na nakalista sa Direktoryo ng Prangkisa ng SBA?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>



**Programang Proteksyon ng Paycheck
Form ng Aplikasyon ng Nangungutang**

Sa Pamamagitan ng Pagpirma sa Ibaba, Ginagawa Mo ang mga Sumusunod na Pagkatawan, Pag-awtorisa, at Pagsertipika

MGA PAGSERTIPIKA AT PAG-AWTORISA

Pinapatunayan ko na:

Nabasa ko ang mga pahayag na nasa form na ito, kasama ang mga Pahayag na Kinakailangan ng Batas at mga Ehekutibong Atas, at naiintindihan ko ang mga ito.

Ang Aplikante ay kwalipikadong makatanggap ng pautang sa ilalim ng mga patakaran na umiiral sa oras na isinumite ang aplikasyon na ito na inilabas ng Administrasyon ng Maliit na Negosyo (Small Business Administration, SBA) na nagpapatupad ng Programang Proteksyon ng Paycheck sa ilalim ng Dibisyon A, Pamagat I ng Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act (CARES Act) (ang Batas sa Programang Proteksyon ng Paycheck).

Ang Aplikante (1) ay isang independiyenteng kontratista, kwalipikadong indibidwal na nagtatrabaho sa sarili, o nag-iisang nagmamay-ari o (2) may empleyadong hindi hihigit sa 500 o mga empleyado o, kung naaangkop, ang sukat ng pamantayang bilang ng mga empleyado na itinakda ng SBA sa 13

CFR 121.201 para sa industriya ng Aplikante.

Susunod ako, tuwing naaangkop, sa mga karapatang sibil at iba pang mga limitasyon sa form na ito.

Ang lahat ng mga nalikom na pautang ng SBA ay gagamitin lamang para sa mga layunin na may kaugnayan sa negosyo tulad ng tinukoy sa aplikasyon sa pautang at naaayon sa

Panuntunan ng Programang Proteksyon ng Paycheck.

Sa abot ng magagawa, bibilhin ko lamang ang mga kagamitan at produkto na gawa sa Amerika.

Ang Aplikante ay hindi nakikibahagi sa anumang aktibidad na labag sa ilalim ng pederal, estado o lokal na batas.

Ang anumang pautang na natanggap ng Aplikante sa ilalim ng Seksyon 7(b)(2) ng Batas sa Maliit na Negosyo sa pagitan ng Enero 31, 2020 at Abril 3, 2020 ay para sa isang layuning maliban sa pagbabayad ng mga gastos sa payroll at iba pang pinapayagan na mga paggamit ng mga pautang sa ilalim ng Panuntunan ng Programang Proteksyon ng Paycheck.

Para sa mga Aplikante na indibidwal: Pinapahintulutan ko ang SBA na humiling ng impormasyon tungkol sa rekord ng kriminal tungkol sa akin mula sa mga ahensya ng hustisya ng kriminal para sa layunin na matukoy ang aking pagiging karapat-dapat para sa mga programa na pinahihintulutan ng Batas sa Maliit na Negosyo, kung maamoyendahan.

MGA PAGSERTIPIKA

Ang awtorisadong kinatawan ng Aplikante ay dapat patunayan sa mabuting pananampalataya ang lahat ng nasa ibaba sa pamamagitan ng **paglalagay ng inisyal** sa tabi ng bawat isa:

- _____ Ang Aplikante ay nagpapakabo noong Pebrero 15, 2020 at may mga empleyado na binayaran nito ang mga suweldo at mga buwis sa payroll o nagbayad ng mga independiyenteng kontratista, ayon sa iniulat sa (mga) Form 1099-MISC.
- _____ Ang kasalukuyang kawalan ng katiyakan sa ekonomiya ang gumagawa sa kahilingan sa pautang na ito na kinakailangan upang suportahan ang patuloy na mga operasyon ng Aplikante.
- _____ Ang mga pondo ay gagamitin upang mapanatili ang mga manggagawa at mapanatili ang payroll o makagawa ng mga bayad sa interes ng utang, mga pagbabayad ng upa, at mga pagbabayad ng gamit, tulad ng tinukoy sa ilalim ng Panuntunan ng Programang Proteksyon ng Paycheck; Naiintindihan ko na kung ang mga pondo ay sadyang ginagamit para sa hindi awtorisadong mga layunin, maaari akong panagutin sa batas ng pederal na pamahalaan, tulad ng mga singil sa pandaraya.
- _____ Magbibigay ang Aplikante sa Nagpapautang ng dokumentasyon na nagpapatunay sa bilang ng mga full-time na katumbas na empleyado sa payroll ng Aplikante pati na rin ang dolyar na halaga ng mga bayarin sa suweldo, mga bayad sa interes ng saklaw na utang, mga saklaw ng bayad ng upa, at mga saklaw na mga kagamitan para sa walong-linggong panahon kasunod ng pautang na ito.
- _____ Naiintindihan ko na ang kapatawaran ng utang ay ipagkakaloob para sa kabuuan ng mga nakadokumentong gastos sa payroll, mga bayad sa saklaw na utang, mga saklaw na bayad ng upa, at mga saklaw na kagamitan, at hindi hihigit sa 25% ng halagang napatawad ang maaaring para sa mga gastos na hindi sa payroll.
- _____ Sa panahon na nagsisimula sa Pebrero 15, 2020 at nagtatapos sa Disyembre 31, 2020, ang Aplikante ay hindi nakatanggap at hindi makakatanggap ng isa pang pautang sa ilalim ng Programang Proteksyon ng Paycheck.
- _____ Pinapatunayan ko pa na ang impormasyong ibinigay sa aplikasyon na ito at ang impormasyong ibinigay sa lahat ng sumusuportang mga dokumento at form ay totoo at tumpak sa lahat ng mahalagang aspeto. Naiintindihan ko na ang sadyang paggawa ng maling pahayag upang makakuha ng isang garantisadong pautang mula sa SBA ay mapaparusahan sa ilalim ng batas, kabilang ang sa ilalim ng 18 USC 1001 at 3571 sa pamamagitan ng pagkabilanggo ng hindi hihigit sa limang taon at/o isang multa na hanggang sa \$250,000; sa ilalim ng 15 USC 645 sa pamamagitan ng pagkabilanggo ng hindi hihigit sa dalawang taon at/o isang multa na hindi hihigit sa \$5,000; at, kung isinumite sa isang institusyong nakaseguro sa pederal, sa ilalim ng 18 USC 1014 sa pamamagitan ng pagkabilanggo ng hindi hihigit sa tatlong taon at/o isang multa na hindi hihigit sa \$1,000,000.
- _____ Kinikilala ko na kukumpirmahin ng nagpapautang ang karapat-dapat na halaga ng pautang gamit ang mga kinakailangang dokumento na isinumite. Naiintindihan, kinikilala at sumasang-ayon ako na maaaring ibahagi ng Nagpapautang ang anumang impormasyon sa buwis na ibinigay ko sa mga awtorisadong kinatawan ng SBA, kasama na ang mga awtorisadong kinatawan ng Tanggapan ng Inspector General ng SBA, para sa layunin na pagsunod sa mga Kinakailangan sa Programang Pautang ng SBA at lahat ng mga pagsusuri ng SBA.

_____ **Pirma ng Awtorisadong Kinatawan ng Aplikante**

_____ **Petsa**

_____ **I-print ang Pangalan**

_____ **Pamagat**



Programang Proteksyon ng Paycheck

Layunin ng form na ito:

Ang form na ito ay kukumpletuhin ng awtorisadong kinatawan ng Aplikante at *isusumite sa iyong Kalahok na Nagpapautang sa SBA*. Ang pagsumite ng hinihiling na impormasyon ay kinakailangan upang makagawa ng isang pagpapasiya tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansiyal. Ang pagkabigong isumite ang impormasyon ay makakaapekto sa pagpapasiya na ito.

Mga tagubilin para sa pagkumpleto ng form na ito:

Kaugnay ng "layunin ng pautang," ang mga gastos sa payroll ay binubuo ng kabayaran sa mga empleyado (na ang pangunahing lugar ng tirahan ay ang Estados Unidos) sa anyo ng suweldo, mga sahod, komisyon, o katulad na kabayaran; mga tip na cash o ang katumbas (batay sa mga talaan ng tagapag-empelyo sa mga nakaraang tip o, kung wala ang mga nasabing rekord, isang makatwiran at mapagkakatiwalaang pagtanyang ng employer sa mga naturang tip); bayad para sa bakasyon, mga pagliban para sa magulang, pamilya, medikal, o sakit; allowance para sa paghiwalay o pagpapaalis; bayad para sa pagkakaloob ng mga benepisyo ng empleyado na binubuo ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan ng pangkat, kabilang ang mga premium ng insurance, at pagreretiro; bayad ng mga buwis sa estado at lokal na nasuri batay sa kabayaran ng mga empleyado; at para sa isang independiyenteng kontratista o nag-iisang nagmamay-ari, sahod, mga komisyon, kita, o netong kita mula sa pagtatrabaho sa sarili o katulad na kabayaran.

Para sa mga layunin ng pagkalkula ng "Average na Buwanang Payroll," ang karamihan sa mga Aplikante ay gagamit ng average na buwanang payroll para sa 2019, hindi kasama ang mga gastos na lampas sa \$100,000 sa isang taunang batayan para sa bawat empleyado. Para sa mga pana-panahong negosyo, ang Aplikante ay maaaring pumili na gamitin sa halip ang average na buwanang payroll para sa saklaw ng panahon sa pagitan ng Pebrero 15, 2019 at Hunyo 30, 2019, hindi kasama ang mga gastos na higit sa \$100,000 sa isang taunang batayan para sa bawat empleyado. Para sa mga bagong negosyo, ang average na buwanang payroll ay maaaring kalkulahan gamit ang saklaw ng panahon na mula Enero 1, 2020 hanggang Pebrero 29, 2020, hindi kasama ang Mga halagang mahigit sa \$100,000 sa isang taunang batayan para sa bawat empleyado.

Kung ang Aplikante ay magre-refinance ng isang Economic Injury Disaster Loan (EIDL): Idagdag ang natitirang halaga ng isang EIDL na ginawa sa pagitan ng Enero 31, 2020 at Abril 3, 2020, ibawas ang halaga ng anumang "advance" sa ilalim ng isang pautang sa EIDL COVID-19, sa Hiniling na Pautang na tulad ng tinukoy sa form.

Ang lahat ng mga partido na nakalista sa ibaba ay itinuturing na mga nagmamay-ari ng Aplikante tulad ng tinukoy sa 13 CFR § 120.10, pati na rin ang "mga puhunan":

Para sa isang solong pagmamay-ari, ang nag-iisang nagmamay-ari;

Para sa isang sosyohan, lahat ng pangkalahatang kasosyo, at lahat ng limitadong mga kasosyo na nagmamay-ari ng 20% o higit pa sa equity ng kumpanya;

Para sa isang korporasyon, lahat ng mga may-ari ng 20% o higit pa sa korporasyon;

Para sa mga limitadong pananagutan na kumpanya, ang lahat ng mga miyembro na nagmamay-ari ng 20% o higit pa sa kumpanya; at

Anumang Taga-garantiya o Trustor (kung ang Aplikante ay pagmamay-ari ng isang trust).